Proyekto sa Aurora Ave

Buod ng Pikikipag-ugnayan

Seattle Department of Transportation

2024

Ano ang nangyayari?

Nais ng Proyekto sa Aurora Ave na gawing mas ligtas at mas madaling gamitin ng lahat ang Aurora Ave N. Para magawa iyon, kami ay nakikinig sa mga taong nakatira dito, nagpapatakbo ng mga negosyo, at naglalakad, nagpapagulong, at sumasakay sa transit sa kalye. Noong tagsibol 2024, kami ay bumuo ng mga ideyang draft ng disenyo para ibahagi sa mga komunidad sa Aurora Ave N. Sinasabi ng buod na ito kung ano ang narinig namin sa prosesong iyon. Ang aming layunin ay gawin ang mga pagpapahusay na ito kapag mayroon kaming pondo para gawin ito.

Ano ang kailangan ninyong gawin?

Aming binabahagi ang aming narinig mula sa mga taong nakatira, nagtatrabaho, at naglalakbay sa lugar ng proyekto. Nais din naming malaman niyo kung ano ang susunod na gagawin namin, para makialam kayo sa kinabukasan ng proyektong ito. Tingnan ang huling pahina ng aming buod upang malaman kung paano kayo makakapagpapanatiling konektado.

Ano ang mga dahilan para sa Proyekto sa Aurora Ave na ito?

Ang Aurora Ave N/State Route 99 ay isa sa mga pinaka-abalang kalye sa Seattle. Dumadaan ito sa mga kapitbahayan na may iba't ibang uri ng tao at negosyo. Ginagamit ng RapidRide E Line ang Aurora Ave N, at ito rin ay isang mahalagang kalye para sa paglipat ng kargamento. Kumokonekta ito sa maraming mga bahay, tindahan, serbisyo, at trabaho. Ngunit nagkaroon ng maraming banggaan, mga problema sa mga bangketa, at hindi madali para sa mga taong may isyu sa pagkilos para makapaglibot. Nagtutulungan kaming gumawa ng bagong pananaw para sa Aurora Ave N na nagpapahusay sa kaligtasan, kadaliang mapakilos, at pagiging ma-akseso ng para sa lahat.

Sino ang mga ahensyang kasali sa Proyekto sa Aurora Ave?

Ang Aurora Ave Project ay isang pagsusumikap ng pangkat ng Seattle Department of Transportation (SDOT) at ng King County Metro. Gumagamit kami ng pagpopondo mula sa isang gawad ng Washington State Department of Transportation (WSDOT) Pedestrian and Bicycle Program na natanggap namin noong 2021. Mayroon din kaming suporta sa pagpopondo mula sa Levy to Move Seattle at sa King County Metro.



Palatakdaan ng Oras ng Pakikipag-ugnayan

Tag-init/Taglagas ng 2022 Sarbey #1 upang maunawaan ang mga pangunahing alalahanin at mga priyoridad sa kaligtasan para sa mga miyembro ng komunidad

Tag-sibol/Tag-init 2023 Sarbey #2 para malaman kung anong mga pagbabago sa disenyo ang gustong makita ng komunidad nang maisaayos ang mga hamon sa transportasyon ng Aurora Ave

Mga workshop sa komunidad upang lumikha ng isang pananaw at disenyo ng mga plano para sa kinabukasan ng Aurora Ave, kabilang ang pampublikong sasakyan sa lugar

Tag-sibol 2024 Ibahagi ang mga konsepto ng draft na disenyo at pamantayan sa pagsusuri sa komunidad

Sarbey #3 para makakuha ng naibalik na tugon mula sa komunidad tungkol sa kung kasama sa draft na disenyo ang hanay ng mga ideya at priyoridad para sa Aurora Ave na narinig namin sa mga naunang yugto

Mga Pamamaraan sa Pagkikipag-ugnayan

Pinagsasama-sama ang online, pag-mail, at harap-harapang pakikipag-ugnayan, mahigit 9,600 tao ang nakipag-ugnayan sa proyekto ng Aurora Ave noong tagsibol 2024. Bukod pa rito, mayroon kaming mahigit 430,000 views sa social media para sa proyektong ito. Nakipag-ugnayan kami sa mga tao sa hindi bababa sa 148 na mga zip code.

Online at Pag-mail na Pakikipag-ugnayan:

- Ang online na sarbey ay umabot sa 8,646 katao
- Multicultural media & digital ads ay nagkaroon ng 3,745,514 mga impresyon
- Ipinadala ang postcard mailer sa 14,700 katao
- Mga pag-babago sa Web & proyekto email listserv tiningnan ng 19,740 katao
- Pakikipag-ugnayan ng mag-aaral at pamilya sa pamamagitan ng mga flyer ng Peachjar sa Paaralang Pampubliko ng Seattle na ipinadala sa 7,310 katao
- Nakakuha ang inbox ng email ng proyekto ng 30 email
- Ang mga post sa blog at social media ay umabot sa 441,700 katao
- Umabot sa 40 katao ang birtwal na open house
- Umabot sa 10,438 katao ang mga naabot ng alerto sa transit ng King County Metro

Harap-harapan na Pakikipag-ugnayan:

- Ang harap-harapan na mga open house ay umabot sa 90 katao
- Door-to-door na pakikipag-ugnayan sa 285 na negosyo
- One-on-one na pakikipag-ugnayan at pakikipag-usap sa mahigit 120 tao
- Mga pagpupulong ng mga stakeholder kasama ang 16 na organisasyon at grupo

Kung ano ang aming narinig sa ngayon

Noong tagsibol 2024, mahigit 9,600 tao na nakatira, nagtatrabaho, o naglalakbay o malapit sa Aurora Ave N ang nakipag-ugnayan sa amin. Nagbigay kami ng mga pagkakataon para sa mga tao na magbahagi ng feedback sa maraming paraan, parehong online at harap-harapan. Ito ay isang mabilis na buod, at maaari kayong magbasa ng higit pang mga detalye sa aming 2024 Outreach Report sa aming website.

Karamihan sa mga tao ay nakita ang kanilang mga ideya at feedback na kinakatawan sa kahit isa sa mga ideya sa disenyo ng draft.

- Humigit-kumulang 60% ng mga taong na-sarbey ang nadama na ang kanilang mga ideya ay kinakatawan sa draft ng mga ideya sa disenyo
- Humigit-kumulang 10% ang hindi naramdaman na kinakatawan ang kanilang mga ideya
- Mga 30% ang hindi sigurado

Ang ilang mga ideya ay sinuportahan ng halos lahat, kasali na ang mas maayos na mga bangketa, higit pang mga daanan, ilaw, at pagpapagandan ng tanawin. Gayunpaman, may iba't ibang opinyon ang mga tao tungkol sa daanan ng biskleta at daanan ng bus.



Kung saan nakita namin ang kasunduan

Sa mga tampok at mga ideya na ibinahagi sa pagpipilian na seksyon ng sarbey, may ilang mga pinaka-panlahatan na nagustuhan. Higit sa 70% ng mga taong na-sarbey ang sumuporta sa mga katangian na ito:

- Mas magandang ilaw para sa kalye at para sa mga taong naglalakad
- Ligtas na tawiran para sa mga taong naglalakad, nagbibisikleta, at nag-ro-roll
- Mga silungan sa nga hintuan ng bus
- Pagpapaganda ng tanawin at mga puno

Bahagyang hindi gaanong sikat ang mas malalawak na bangketa, berdeng median, at pinataas na mga linya sa gitna ng kalsada, na may humigit-kumulang 50 - 60% na suporta.

Kung saan nakita namin ang hindi pagkakasunduan

Humigit-kumulang sa 74% ng mga komento ay tungkol sa pag-pipigura ng daanan ng sasakyan, pag-akseso ng bisikleta at bus, at imprastraktura para sa bus at bisikleta.

Ang pinaka-naghahati-hati na mga katangian ay ang "pagpapanatili ng umiiral na bilang ng mga daanan para sa mga sasakyan" at "gitnang daanan para sa mga dumadaan na bus lamang." Humigit-kumulang 40% ng mga miyembro ng komunidad ang nagustuhan ang mga katangian na ito at 40% ang hindi nagustuhan ang mga ito. Ang dalawang katangiang ito ay may kabaligtaran din na pagkaka-ugnayan: ang mga pangkat na nagustuhan ang isa ay hindi nagustuhan ang kabila. Narito ang ilang mga argumentong aming narinig:

Pag-pipigura ng daanan ng sasakyan:

"Mahalaga na mapanatili ang madaling pagdaloy ng kargamento para sa pag-akseso ng mga komersyal na negosyo."

"Ang seksyon na ito ng komunidad ay isang sentro ng pagnenegosyo ng komunidad na pinapahirapan ng matutulin na mga sasakyan at mga daan na hindi maayos ang kondisyon."

"Mas ibig kong makita ay ang mga daanan ng trapiko na mabawasan sa isang dadaanan at ang espasyo na gamit para sa naglalakad/gamit pang-negosyo (hal. mga lamesa, mga banko)."

"Ang pagpapanatili ng hindi bababa sa 2 pangkalahatang-layunin na daanan sa bawat direksyon ay dapat na isang paunang-kailanganin sa anumang disenyo. Kung hindi, gagawa ito ng pagkabuhol-buhol ng trapiko, polusyon [from slow moving traffic], at pagtaas ng trapiko sa mga kalye ng kapitbahayan..."

Mga daanan ng bus lamang at mga daanan ng bus lamang na dumadaan sa gitna:

"Ang mga nakatalagang daanan ng bus na hindi ibinabahagi sa mga lumiliko na sasakyan ay magpapahusay sa bilis ng bus, na higit na nagbibigay-insentibo sa mga nagmamaneho na lumipat na sumakay sa bus. "

"Masyadong kakaunti ang mga bus para sa daanang para sa bus lamang."

"Kung ang sentrong-daanan ng transit ay ang pinakamabilis para sa serbisyo ng bus, gawin na agad! Gawin ang pagsasakay sa bus ang gugustuhing paraan!"

"Malaki ang magagawa ng gitnang daanan ng mga dumadaan na mga bus upang matugunan ang mapanganib na karanasan sa pagtawid sa kalye."

"Ang ideya na daanan ng bus sa gitna ay isang masamang disenyo na magpapasigla sa masdadaming mga bawal na pagtawid ng kalsada at pagpapataas ng panganib ng mga aksidente sa mga taong naglalakad at mga sasakyan."

Daanan ng bisikleta:

"Ibigay ang prayoridad sa pag-akseso ng mga naglalakad/bisikleta at kaligtasan kaysa sa trapiko ng sasakyan."

"Ako mismo ay isang nagbibisikleta, at sa palagay ko mas mahusay na idagdag ang mga daanan ng bisikleta na kahanay ng kalye sa halip na mismong nasa Aurora (napaka-aktibo nito)."

"Maraming mga taong may mga isyu sa pagkilos na nangangailangan ng serbisyo sa gilid ng kalsada. Ang mga protektadong mga daanan ng bisikleta ay nagdudulot ng mapanganib na sitwasyon para sa mga matatanda, sa may kapansanan, mga nasugatan, mga magulang na may mga batang anak, atbp. "

Basahin ang aming detalyadong Outreach Report upang matuto nang higit pa tungkol sa ibinahagi ng mga tao.

Huwag palalampasin!

Makikita ninyo ang isang detalyadong ulat tungkol sa aming pakikipag-ugnayan sa aming website. Ang ulat ng pakikipag-ugnayan at website ng proyekto ay nasa wikang Ingles lamang.

Maaari ninyong mahanap ang buod na ito sa wikang Amharic, Intsik, Koreano, Espanyol, at Tagalog sa aming website.

Para sa na-isalin na impormasyon tungkol sa Proyekto sa Aurora Ave at sa aming pakikipag-ugnayan, mangyaring tumawag sa (206) 905-3620.

Upang manatiling napapanahon sa proyektong ito mag-sign up para sa mga pagbabago sa email at bisitahin ang aming website. Kung mayroon kayong mga katanungan o komento, mangyaring makipag-ugnay sa amin sa (206) 905-3620 o aurorastudy@seattle.gov.

I-scan ang QR code gamit ang inyong camera upang bisitahin ang aming website ng proyekto.

Makipag-ugnayan sa Proyekto kay:

Jules Posadas, Public Engagement Lead
aurorastudy@seattle.gov | 206-905-3620
www.seattle.gov/transportation/auroraproject

King County METRO

Seattle Department of Transportation

The Levy to MOVE SEATTLE